

PAANO MAGHAIN NG REKLAMO TUNGKOL SA AIR QUALITY



PAANO NAMIN PINAPANGASIWAAN ANG IYONG MGA REKLAMO

1



Matatanggap ng dispatcher ang reklamo at ipapadala niya sa inspektor ang mga detalye nito.

2



Magsisiyasat ang inspektor upang tukuyin ang mga posibleng pinagmulan at sanhi ng emisyon. Maaari kang tawagan o bisitahin ng inspektor bilang bahagi ng pagsisiyasat.

3



Magbibigay ng Abiso ng Paglabag (Notice of Violation) kung matutukoy ng inspektor na nagkaroon ng paglabag sa regulasyon ng Air District, estado, o sa pederal na regulasyon. Ang paglabag sa batas ay karaniwang pinapatawan ng multa para mapigilan na maulit itong muli.



BATAS PARA SA PUBLIC NUISANCE AT MGA REGULASYON NG AIR DISTRICT

Maaaring maharap sa kaso ang mga pasilidad na lalabag sa batas para sa "public nuisance" ng Estado ng California, na nagbabawal sa mga emisyon ng nagdudulot ng mga masamang amoy, problema sa kalusugan, pinsala sa ari-arian, o iba pang abala sa komunidad (California Health and Safety Code §41700).

Maaari ding maharap sa kaso ang mga pasilidad na lalabag sa isa sa mga regulasyon sa air pollution mula sa Air District, gaya ng rule sa visible emissions.



PAANO INAAREGLO ANG MGA PAGLABAG

Ang Mga Abiso ng Paglabag (Violation Notice) ay inaareglo sa pamamagitan ng Mutual Settlement Program ng Air District o nire-refer para sa posibleng legal na aksyon mula sa aming Opisina ng Abugado ng Air District.

Ang aming Mutual Settlement Program ay nagbibigay ng opsyon sa mga violators na iareglo ang kanilang kaso sa labas ng hukuman sa pamamagitan ng pagsasaayos ng kanilang violation at pagsang-ayong magbayad ng multa.

Kung hindi mareresolba ang kaso sa pamamagitan ng Mutual Settlement, ire-refer ito kasama ng ibang mas matinding mga violation sa aming Opisina ng Abugado ng Air District para sa legal action. Ang ibang kaso ay maaari pa ring aaregluhin sa labas ng hukuman ngunit ang iba ay maaaring humantong sa mga sibil na paghahabla. Ang hindi pangkaraniwang matinding violation ay maaaring i-prosecute bilang krimen.

Kung ang isang pasilidad ay nabigyan ng sunod sunod na violations sa ulit ulit na problema, susubukan naming bumisita sa pasilidad upang makahanap ng solusyon. Kung magpapatuloy pa rin ang mga violation, maaaring magpataw ng Order of Abatement sa pasilidad, na mag-aatas sa pasilidad na palitan ang mga kagamitan o baguhin ang mga operasyon nito sa loob ng partikular na palugit na oras. Kung hindi pa rin ito makakasunod, maaaring magpataw ng higit pang parusa at magsagawa ng mas matinding legal na aksyon.



HINDI HUMAHANTONG SA MGA PAGLABAG ANG LAHAT NG REKLAMO

Ang ilan sa mga reklamong natatanggap namin ay nauugnay sa mga problema kung saan wala o halos wala kaming hurisdiksiyon, o bahagya lang o hindi tahasang nauugnay sa air pollution. Kabilang sa mga halimbawa ang mga reklamong nag-ugat sa mga away sa pagitan ng magkapitbahay, pagkakaroon ng mga natural na kontaminante gaya ng polen, o mga emisyon ng naglalaman ng kakaunting pollutants, na hindi magdudulot ng matinding epekto sa kalawakan ng komunidad.

Bagama't maaaring hindi maakasyunan ng aming mga inspektor ang mga ganitong sitwasyon, masusi nilang sisiyasatin ang bawat reklamo, at kung kinakailangan, aalertuhin nila ang iba pang ahensiya ng gobyerno na direktang responsable sa pagsubaybay.



BAY AREA
AIR QUALITY
MANAGEMENT
DISTRICT

- Ang Air District ay may pinananatiling 24 na oras na linya para sa reklamo sa 1-800-334-ODOR at online na form sa www.baaqmd.gov/complaints.
- Ang bawat reklamo tungkol sa air pollution na matatanggap namin ay iinvestigahan.
- Ang lahat ng complainant ay personal na kokontakinmaliban na lang kung hihilingin niyang huwagito gawin.

ANO ANG DAPAT GAWIN KAPAG MAY NATUKOY KANG AIR POLLUTANTS

Kung may matutukoy kang malakas na amoy sa iyong komunidad o kung makakakita ka ng makapal na alikabok o usok, maaari kang maghain ng reklamo sa: **1-800-334-ODOR (6367)** o **www.baaqmd.gov/complaints**. Tatanggapin ang mga anonymous na reklamo, bagama't maaaring makaantala ito sa aming kakayahang siyasin ang pinagmulan ng problema.

Taun taon, ang Air District ay nakatanggap ng mahigit 12,000 reklamo tungkol sa air pollution mula sa publiko. Ang pagtugon sa mga reklamong ito ang isa sa mga pinakauna naming priyoridad.

Mga Uri ng Reklamo tungkol sa Air Quality

- Mga amoy
- Alikabok
- Usok/Sunog
- Iba pang air pollutants

Mga emisyon mula sa ...

- Mga plantang pang-industriya
- Mga refineries
- Mga negosyo sa komunidad
- Mga istasyon ng gas
- Mga sunog sa labas
- Mga site ng konstruksyon
- Mga idling na trak at bus

Makakahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa mga reklamo sa Wood Smoke at Umuusok na Sasakyan sa www.baaqmd.gov/complaints.



PAANO MAGHAIN NG REKLAMO

Makipag-ugnayan sa amin sa **1-800-334-ODOR** o **www.baaqmd.gov/complaints** sa oras na may mapansin kang hindi nawawala o kakaibang amoy o hindi pangkaraniwang dami ng alikabok o makapal na usok. Kung mas maaga kang tatawag, mas maaga ring makakapagpapunta ng inspektor na sisiyasat sa iyong reklamo.

Kung tatawag ka upang mag report ng amoy, subukang ihalintulad ang amoy na iyon sa pamilyar na bagay gaya ng bulok na itlog o repolyo, nasusunog na plastik, chlorine sa swimming pool, bawang, o aspalto. Kabilang sa mga kapaki-pakinabang na deskripsyon ang amoy langis, amoy sira o amag, amoy bakal, masakit sa ilong, amoy matamis o maasim, banayad, o matindi. Kapag nagbigay ng higit pang detalye, mas matutukoy namin ang mga partikular na emisyon o kemikal. Pakitandaan din kung tuluy-tuloy na nananatili o paminsan-minsang nawawala at bumabalik ang amoy, at ang oras kung kailan ito naging kapansin-pansin.

Kapag ihinain ang iyong reklamo, ang iyong reklamo ay bibigyan ng natatanging tracking number na magagamit mo sa pag follow up ng status nito. Papanatiliing **kompidensiyal** ang iyong pangalan, address, at numero ng telepono. Hindi ihahayag ang iyong personal na impormasyon sa sinuman maliban sa mga tauhan ng Air District, maliban na lang kapag kinakailangan sa mga legal na kaso.

TUNGKOL SA AIR DISTRICT

Ang Bay Area Air Quality Management District ang pang rehiyong ahensiyang responsable sa pagprotektang sa air quality sa siyam Bay Area counties, kabilang ang mga county ng Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, southwestern Solano, at southern Sonoma.



MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

Air Pollution Complaints
(800) 334-ODOR

Wood Smoke Complaints
(877) 4NO-BURN

Mag Report ng Mga Umuusok na Sasakyan
(800) EXHAUST

www.baaqmd.gov/complaints

Kumonekta sa amin:
www.baaqmd.gov



BAY AREA
AIR QUALITY
MANAGEMENT
DISTRICT